Australian Government
Aged Care Quality and Safety Commission

Aged care reforms

# Koda ng Pag-uugali para sa Pangangalaga ng Matatanda

Inilalarawan ng Koda ng Pag-uugali para sa Pangangalaga ng Matatanda kung paano ka dapat magpakatao at makitungo sa mga konsyumer. Kinabibilangan ito ng 8 mga elemento na nasa ibaba.

**A.** Kumilos nang may paggalang sa mga karapatan ng mga tao na malayang makapagpahayag, magsariling paninindigan at gumawa ng pagpapasiya na sang-ayon sa nauugmang mga batas at kumbensyon.

**B.** Kumilos sa paraang tinatrato ang mga tao nang may dignidad at paggalang at pinahahalagahan ang kanilang pagiging magkakaiba-iba.

**C.** Kumilos nang may paggalang sa pagkapribado ng mga tao.

**D.** Magbigay ng pangangalaga, mga suporta at serbisyo sa paraang ligtas at kayang gawin, na may halong pag-iingat at kasanayan.

**E.** Kumilos nang may integridad, katapatan at walang paglilihim.

**F.** Kaagad kumilos at gumawa ng mga hakbang para ipaalam at aksyunan ang mga alalahanin ukol sa mga bagay na makaka-apekto sa kalidad at kaligtasan ng pangangalaga, mga pagsuporta at serbisyo.

**G.** Magbigay ng pangangalaga, mga suporta at serbisyo nang walang halong:

i. lahat ng klase ng karahasan, diskriminasyon, panlilinlang, pagpapabaya at pang-aabuso
ii. masamang asal na sekswal.

**H.** Magsagawa ng lahat na resonableng mga hakbang upang mahadlangan at matugunan ang:

i. lahat ng klase ng karahasan, diskriminasyon, panlilinlang, pagpapabaya at pang-aabuso at
ii. masamang asal na sekswal.

Alamin pa ang karagdagan:

**Komisyon sa Kalidad at Kaligtasan ng Pangangalaga sa Matatanda (Aged Care Quality and Safety Commission)**

agedcarequality.gov.au/providers/code-conduct-aged-care-information-workers

Disyembre 2022
ACR-COC-021

Aged care reforms